**IPINAGBABAWAL NG IPINAGBABAWAL NG UNRUH CIVIL RIGHTS ACT ANG DISKRIMINASYON SA MGA PAMPUBLIKONG SERBISYO AT AKOMODASYON (UNRUH CIVIL RIGHTS ACT) ANG DISKRIMINASYON SA MGA PAMPUBLIKONG SERBISYO AT AKOMODASYON**

**ANG KAGAWARAN NG MGA KARAPATANG SIBIL AY ANG AHENSYA NG ESTADO NA NAATASAN SA PAGPAPATUPAD NG MGA BATAS SA MGA KARAPATANG SIBIL NG CALIFORNIA. ANG MISYON NG CRD AY PROTEKTAHAN ANG MGA TAO NG CALIFORNIA MULA SA LABAG SA BATAS NA DISKRIMINASYON SA TRABAHO, PABAHAY, NEGOSYO, AT MGA PROGRAMANG PINOPONDOHAN NG ESTADO, AT MULA SA KARAHASAN NANG DAHIL SA BIAS AT HUMAN TRAFFICKING.**

Civil Rights Department
STATE OF CALIFORNIA

# ANG DISKRIMINASYON AY LABAG SA BATAS

## MGA KARAPATANG SIBIL SA CALIFORNIA

**Departamento ng Mga Karapatang Sibil (Civil Rights Department, CRD) ang mga batas ng estado ng California na nagbabawal sa pang-haharass at diskriminasyon sa trabaho, pabahay, at mga pampublikong akomodasyon at na nagkakaloob ng pagliban para sa pagbubuntis at pagliban para sa pamilya at sarili dahil sa medikal na kadahilanan. Tumatanggap at nag-iimbestiga rin ito ng mga reklamong nagpaparatang ng karahasan dahil sa pagkamuhi o mga banta ng karahasan dahil sa pagkamuhi at pangangalakal ng tao.**

Iniaatas ng batas ang "mga ganap at pantay-pantay na akomodasyon, pakinabang, pasilidad, pribilehiyo, o serbisyo sa lahat ng mga establisimyento ng negosyo." Kabilang sa mga establisimyento ng negosyo na saklaw ng batas ang, ngunit, hindi limitado sa mga:

- Hotel at motel
- Nonprofit na organisasyon
- Lokal na pamahalaan at pampublikong ahensya
- Barberya at beauty parlor
- Ospital
- Matutuluyang pabahay Restaurant
- Teatro o sinehan
- Mga establisimyento ng tingian (retail)

## MGA HALIMBAWA NG KARAHASAN DAHIL SA PAGKAMUHI

Ipinagbabawal ng Ralph Civil Rights Act para sa sinumang tao na magbanta o gumawa ng mga akto ng karahasan laban sa isang tao o ari-arian dahil sa lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, edad, katayuan ng kasal, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, kapansanan, kasarian, pagkakakilanlan sa kasarian, pagpapahayag ng kasarian, seksuwal na oryentasyon, ugnayang politikal, o posisyon sa isang hidwaan sa paggawa.

## PANGANGALAKAL NG TAO

Ang pangangalakal ng tao (human trafficking) ay isang paglabag sa batas sibil dagdag pa sa pagiging kriminal na paglabag. Noong 2016, binigyan ng AB (Assembly Bill, o Panukalang Batas ng Lupon) 1684 (Stone) ang CRD ng awtoridad na tumanggap, mag-imbestiga, mag-areglo, mamagitan, at mag-usig ng mga sibil na reklamong may paratang ng pangangalakal ng tao sa ilalim ng Kodigo Sibil ng California (California Civil Code), § 52.5, ang Batas para sa Proteksiyon ng mga Biktima ng Pangangalakal ng Tao sa California (California Trafficking Victims Protection Act).

## PAGHAIN NG REKLAMO

Kung naniniwala kang isa kang biktima ng diskriminasyon, karahasang dala ng pagkamuhi, o pangangalakal ng tao, maaari kang maghain ng reklamo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa CRD ayon sa nakalarawan sa ibaba. Para sa mga kasong nauugnay lamang sa trabaho, maghain sa loob ng tatlong taon mula sa huling petsa ng pananakit; para sa lahat ng ibang kaso, maghain sa loob ng isang taon mula sa huling petsa ng pananakit. Ipinoproseso ng CRD ang mga reklamong inihain ng mga taong may terminal na sakit bilang may priyoridad.

Para magpaiskedyul ng appointment, makipag-ugnayan sa Sentro ng Komunikasyon sa ibaba.

Kung mayroon kang kapansanang nangangailangan ng makatuwirang tulong, maaari kang tulungan ng, CRD sa pamamagitan ng pagsusulat ng iyong mensahe sa pamamagitan ng telepono o, para sa mga indibidwal na Bingi o May Kahirapan sa Pandinig o may mga kapansanan sa pagsasalita, sa pamamagitan ng California Relay Service (711), o maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng impormasyon sa ibaba.

## MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

Walang Toll: (800) 884-1684
TTY: (800) 700-2320
contact.center@calcivilrights.ca.gov
calcivilrights.ca.gov/complaintprocess

## IPINAPATUPAD NG CRD ANG MGA BATAS NA ITO SA PAMAMAGITAN NG:

Departamento ng Mga Karapatang Sibil ang batas na ito sa pamamagitan ng:

1. Pag-imbestiga sa mga reklamo dahil sa pang-haharass, diskriminasyon, at pagtanggi sa pagliban
2. Pagtulong sa mga partido na boluntaryong resolbahin ang mga reklamong may mga ipinaparatang na paglabag sa mga batas
3. Pagsasakdal sa mga paglabag sa batas
4. Pagbibigay-alam sa mga taga-California tungkol sa mga batas na nagbabawal sa pang-haharass at diskriminasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga nakasulat na materyales at pakikilahok sa mga seminar at kumperensiya

CRD-A01B-TG / Nobyembre 2022

# LABAG SA BATAS ANG DISKRIMINASYON

Civil Rights Department
STATE OF CALIFORNIA

## PROTEKTADO KA

Ipinagbabawal ng Batas sa Makatarungang Trabaho at Pabahay ng California (Fair Employment and Housing Act, FEHA) ang pang-haharass at diskriminasyon sa trabaho batay sa mga sumusunod:

- Lahi (kasama ang uri ng hibla ng buhok at mga pamprotektang istilo ng buhok)
- Kulay
- Relihiyon (kasama ang pananamit at mga kasanayan sa kalinisan ng katawan ayon sa relihiyon)
- Kasarian/gender (kasama ang pagbubuntis, panganganak, pagpapasuso at/o mga nauugnay na medikal na kondisyon)
- Pagkakakilanlan sa kasarian, pagpapahayag ng kasarian
- Seksuwal na oryentasyon
- Katayuan ng kasal
- Medikal na kondisyon (mga henetikong katangian, kanser o tala o kasaysayan ng kanser)
- Katayuan sa militar o pagiging beterano
- Bansang pinagmulan (kabilang ang paggamit ng wika at pagkakaroon ng lisensya para magmaneho na ibinibigay sa mga taong hindi makapagpatunay na ang pananatili nila sa Estados Unidos ay awtorisado ng pederal na batas)
- Ninuno
- Kapansan (sa pag-iisip at pisikal na kapansanan, kabilang ang HIV/AIDS, kanser, at mga henetikong katangian)
- Henetikong impormasyon
- Kahilingan para sa pagliban para sa pangangalaga sa pamilya
- Kahilingan para sa pagliban dahil sa malubhang kondisyon sa kalusugan
- Kahilingan para sa Pagliban dahil sa Kapansanang Dulot ng Pagbubuntis
- Paghihiganti dahil sa pag-ulat ng pag-abuso sa pasyente sa mga institusyong sinusuportahan ng buwis
- Edad (lagpas 40 taong gulang)
- Kasaysayang Kriminal (Batas sa Pantay na Pagkakataon, Fair Chance Act)

## IPINAGBABAWAL ANG DISKRIMINASYON

Ipinagbabawal ang diskriminasyon sa lahat ng mga gawi sa trabaho, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:

1. Mga anunsiyo
2. Mga aplikasyon, pagsusuri, at panayam
3. Pagkuha sa trabaho, paglipat, pagtaas ng ranggo, pagtanggal sa trabaho, o paghihiwalay ng mga empleyado
4. Mga kondisyon ng trabaho
5. Pakikilahok sa isang programa ng pagsasanay o apprenticeship, organisasyon ng empleyado, o unyon

Ipinagbabawal ang diskriminasyon sa lahat ng aspeto ng negosyo ng pabahay, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:

1. Mga anunsiyo
2. Pangungutang na may mortgage at insurance
3. Proseso ng aplikasyon at pagpili
4. Mga tuntunin, kondisyon, at pribilehiyo ng paninirahan, kabilang ang kalayaan mula sa pang-haharass
5. Mga gawi sa paggamit ng lupang pampubliko at pampribado, kabilang ang pagkakaroon ng mga mahigpit na kasunduan (restrictive covenant)

May karapatan ang mga taong may mga kapansanan sa mga makatuwirang kaluwagan sa mga panuntunan, patakaran, gawi, at serbisyo at pinapahintulutan din sila na, gamit ang kanilang sariling pera, gumawa ng mga makatuwirang pagbabago sa kanilang tirahan upang matiyak ang ganap na paggamit nito.

Tulad ng sa batas laban sa diskriminasyon sa trabaho, protektado ang mga indibidwal mula sa paghihiganti dahil sa paghain ng reklamo.

Ipinagbabawal din ng FEHA ang diskriminasyon sa pag-upa at pagbenta ng pabahay batay sa mga sumusunod:

- Lahi
- Kulay
- Relihiyon
- Kasarian
- Gender
- Pagkakakilanlan sa kasarian/ Pagpapahayag ng kasarian
- Ninuno
- Oryentasyong seksuwal
- Katayuan sa kasal
- Pinanggagalingan ng kita
- Henetikong impormasyon
- Bansang pinagmulan (kabilang ang mga paghihigpit sa paggamit ng wika)
- Katayuan ng pamilya (mga sambahayang may mga batang wala pang 18 taong gulang, mga buntis na indibidwal, o na may nakabinbin na legal na kustodiya ng batang wala pang 18 taong gulang)
- Kapansanan (sa pag-iisip at pisikal na kapansanan, kabilang ang HIV/ AIDS, kanser, at mga henetikong katangian)
- Katayuan sa militar o pagiging beterano

## ANG MGA NAGTATRABAHO SA CALIFORNIA AY:

- Garantisadong mayroong makatuwirang kaluwagan o pagliban kapag may kapansan dahil sa pagbubuntis, o kung magkakaroon ng labis na panganib sa iyo o sa matagumpay na pagkumpleto ng iyong pagbubuntis dahil sa iyong trabaho (kung nagtatrabaho para sa employer na may higit sa 5 empleyado)
- Garantisadong may pagliban para sa panganganak o pag-ampon ng bata; para sa malubhang kondisyon sa kalusugan ng empleyado, o para pangalagaan ang isang magulang, asawa, o anak na may malubhang kondisyon sa kalusugan, (kung nagtatrabaho para sa employer na may higit sa 50 empleyado)
- Protektado mula sa pang-haharass dahil sa kanilang kasarian, lahi, o anumang iba pang kategorya na protektado sa ilalim ng batas
- Protektado mula sa paghihiganti dahil sa paghain ng reklamo sa CRD, dahil sa pakikilahok sa imbestigasyon ng isang reklamo, o dahil sa pagprotesta ng mga posibleng paglabag sa batas
- Ang mga nagtatrabaho sa California na may kapansanan ay may karapatan din sa makatuwirang kaluwagan kung kinakailangan para maisagawa ang kanilang trabaho